CHRISTOPHER & DANA REEVE FOUNDATION
TODAY'S CARE. TOMORROW'S CURE.®

# Mga Grant at Pinansiyal na Tulong para sa Mga Indibiduwal

Ang mga pinansiyal na balakid ay madalas kasama sa buhay ng mga taong may kapansanan. Habang pinapamahalaan at pinapaganda ang kondisyong pangkalusugan ang pangunahing focus, maraming iba pang dapat ikonsidera. Para sa karamihan, ang hamon na bayaran ang mga gastusin na may kaugnayan sa medical bills, pabahay, transportasyon, assistive technologies at marami pang iba ay tila sobrang dami dapat isipin. Sa kasamaang palad ,maraming mga paraan para makatulong na mapunan ang puwang sa pananalapi sa pagitan ng babayaran ng health insurance at iyong tunay mong pangangailangan para gumaling, mabuhay, at makapagpatuloy.




## TANONG: Dapat ba akong gumamit ng crowdfunding na site tulad ng GoFundMe?

Madalas na mayroong mapupuntahang mga kamag-anak, kaibigan at kapit bahay na gustong

tumulong pero kailangan ng matatag at mapagkakatiwalaang mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong para sa pamamahala ng fundraising. Ang ilang mga organisasyon, tulad ng Help Hope Live, ay naghahandog ng fundraising platform na nasa komunidad habang tumutulong sa mga epekto nito sa buwis at asset-based na assistance program. Ang nakolektang pera ay maaaring ibayad sa maraming mga gastusin kasama na ang mga gastusin para sa out-of-pocket para sa mga gamot, durable medical equipment, home health care, pagbabago sa wheelchair accessibility, physical therapy, mga innovative na paggagamot, medical travel at pansamantalang paglilipat ng tirahan, kahit na ang emergency na tulong sa pamumuhay. Kung gumamit ka ng fundraising app, mangyaring tuklasin ang tax at financial na mga konsekuwensya nang pauna para di mawala sa iyo ang mga income based na benepisyo.

## TANONG: Paano ko babayaran ang mga paggagamot sa outpatient na hindi covered ng insurance?

Ang insurance ay karaniwang sumasakop sa parehong pag-aalaga sa outpatient at paggagamot sa inpatient. Gayunman, maraming mga insurer ang naglilimita sa bilang ng mga physical o occupational therapy na pagbisita kada taon. Dahil ang mga opsyon sa coverage ay maaaring mag-iba ng husto mula sa bawat insurance plan, mabuting ideya na makipagtrabaho kasama ang treatment center para matiyak na ang kumpletong saklaw ng paggagamot ay covered ng iyong policy. Maraming sakop ang outpatient treatment, at ang ilang mga policy ay hindi sakop ang ilang mga program. Maraming mga pasilidad ang maraming mga opsyon sa plano sa pagbabayad sa mga kliyente na kailangan ng tulong na pinansiyal. Ang pera na naipon mula sa suporta ng komunidad ay makakatulong rin na masakop ang mga gastusing ito. Ang mga gastusin sa transportasyon ay maaaring ikonsidera rin kung ang pasiliadd ay malayo mula sa bahay.

**Mga Posibleng Mapagkukuhanan ng Pinansiyal na Tulong:**

- Medicare
- Veteran programs (Department of Veterans Affairs)
- State assistance programs (Medicaid, Children’s Health Insurance Programs)
- Mga pribadong insurance kabilang na ang Affordable Care Act insurers
- Nasyonal at lokal na non-profit na mga organisasyon at foundation
- Iba pang mga opsyon (crowdfunding, reverse mortgage, life settlement, long-term insurance, catastrophic coverage from a credit card, vocational rehabilitation)

## TANONG: How do I pay for Inpatient Rehabilitation?

Ang ilan ay bumibili ng pandagdag sa insurance coverage, na karaniwang tinatawag na "Medigap" coverage, para pagdagdagan ang hindi masasakop ng coverage ng Medicare. Maaari ka rin makipag-ugnayan sa iyong State Health Insurance Assistance Program (SHIP) na opisina para sa mga posibleng opsyon. Ang ilang mga rehab center ay naghahandog ng mga scholarship para sa mga kasalukuyang pasyente o alumni. Ang pera na naipon mula sa suporta ng komunidad ay makakatulong rin na masakop ang mga gastusing ito.

## TANONG: Paano mababayaran ang Durable Medical Equipment (DME)?

Ang Medicare ay magbibigay lang ng DME coverage para sa mga doktor at supplier na nakakatugon sa mahihigpit nilang pamantayan. Madalas, ang Medicare at supplemental na insurance ay nagbibigay kontribusyon sa isang bahagi ng mga gastusin at ang indibiduwal ay maaaring magbayad ng isang parte nito. Bilang karagdagang sa mga assistance program na inaalok sa bawat estado, ang parehong mga pambansang foundation at lokal na non-profit ay makakatulong sa pinansiyal na suporta o libre at long-term na mga pautang. Ang lokal na equipment loan ay maaari rin magpautang sa iyo ng equipment kung hindi mo ito kayang bayaran. Ang mga pagbili ng DME ay tax deductible. Makipag-usap sa isang supplier ng DME o pinansiyal na advisor tungkol sa mga paraan para mapamahalaan ang iyong mga pagbabayad.

## TANONG: Paano ko mababayaran ang mga pagbabago sa tirahan?

Ang Medicare at karamihang mga pribadong insurance ay karaniwang hindi nagbabayad para sa mga pagbabago sa bahay. Tingnan kung ang vocational rehabilitation services ng iyong estado ay magbabayad para sa mga lift o elevator. Kung walang kinalaman ang iyong pisnala sa trabaho, ang worker's compensation ang magbabayad para sa anumang kinakailangan sa paggagamot na medikasyon sa iyong tirahan. Kung kayo ay naging isang biktima ng krimen, maaaring masaklaw ang ilang mga pagbabago sa tirahan mula sa compensation fund ng biktima ng krimen. Kailangan mong maghanap ng anumang equipment loan closet para makita kung mayroon silang mga stair lift o pansamantalang mga rampa. Maraming mga estado ang naghahandog ng disability assistance program at ang U.S. Department of Agriculture ay naghahandog ng Rural Repair and Rehabilitation Grants para mapahusay ang kaligtasan at maalis ang mga peligro sa tirahan para sa mga taong may kapansanan. Ang Home Depot, Lowe’s at Habitat for Humanity ay may mga programa para suportahan ang mga inisyatibo sa pagbabago sa tirahan na nasa komunidad sa pamamagitan ng mga grant at iba pang mga mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong para sa mga homeowner. Ang mga umuupa ay maaaring kailangang mag-request na makipagtrabaho ang kanilang landlord kasama ang mga organisasyon na ito. Ang ilang mga non-profit, tulad ng Rebuilding Together, ay tumutulong sa pamamagitan ng pinansiyal na tulong o boluntaryong labor.

## TANONG: Ang Reeve Foundation ba ay nagkakaloob ng direktang pinansiyal na suporta sa mga indibiduwal?

Sa kasamaang palad, ang Reeve Founcation ay hindi makakapagbigay ng pinansiyal na suporta sa mga indibiuwal. Para lubos na mapaglingkuran ang buong paralysis community, ang Reeve Foundation ay naka-focus sa pagsusuporta ng mga non-profit na organisasyon (kaysa sa mga indibiduwal) na naghahandog ng nakapagbabago sa buhay na mga programa

sa pamamagitan ng parehong lokal at nasyonal na mga mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong. Madalas, ang pagpopondo namin sa mga organisasyon na ito ay nagreresulta sa pagbabawas o pag-aalis ng mga gastusin sa programa para sa mga kalahok para makatulong mapagaan ang mga kahirapan sa pananalapi at mapahintulutan ang mga indibiduwal na makapag-enjoy ng higit na kakayahang mag-isa at kalidad ng buhay.

Mga Pinagkukuhanan ng Impormasyon: Centers for Medicare & Medicaid Services, Help Hope Live, U.S. Department of Agriculture Rural Development

**Gusto mong may makausap?**

Ang aming Information Specialist ay available na sagutin ang iyong mga tanong. Tumawag ng toll-free 1-800-539-7309 Lunes hanggang Biyernes, 9 am-8 pm EST. Mag-schedule ng tawag o magtanong online sa https://www.christopherreeve.org/tl/get-support/ask-us-anything/form

Ang impormasyong nilalaman ng mensaheng ito ay ipinapakita para sa layunin ng pagtuturo at pagbibigay impormasyon sa iyo tungkol sa paralysis at mga epekto nito. Walang anumang nilalaman sa mensaheng ito ay dapat pakahulugan ni hindi nilalayon na gamitin bilang medikal na diagosis o paggagamot. Hindi ito dapat pumalit sa payo ng iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider. Kung mayroon kang mga tanong na may kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan, mangyaring tawagan o magpatingin sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider kaagad. Parating magpakonsulta sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider bago magsimula ng bagong treatment, diet o fitness program. Hindi mo kailanman dapat di pansinin o patagalin ang mga ito dahil sa isang bagay na nabasa mo sa mensaheng ito.

Ang publikasyon na ito ay sinusuportahan ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng pinansiyal na tulong na may total na $8,700,000 na may 100 porsiyentong pagpopondo ng ACL/HHS. Ang mga nilalaman ay iyong mula sa (mga) may akda at hindi nangangahulugan na opisyal itong mga pananaw, ni hindi pag-endorso, ng ACL/HHS, o ng Gobyerno ng Estados Unidos.